# HAGUPIT

UNA SA LAHAT - KATOTOHANAN!

ISSN No. 2094-0181 hagupitulk_tingzon@yahoo.com www.hagupitulk.webs.com

ENTERED AS SECOND CLASS MAIL MATTER AT THE POST OF TANAY RIZAL ON JANUARY 21, 2011

VOL. III No. 4 FEBRUARY 2 - 11, 2011 Php. 12.00


# "FUN RUN PARA SA KASIGLAHAN, SIMBOLO NG KALUSUGAN!




Ang layuning maipalaganap ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malusog na pangangatawan at magandang samahan at pakikipagkapwa ng mga kabataan ang nagbigay ng inspirasyon kina Mr. Herke at Mrs. Arlene S. Smidstra na mag-organisa ng Marathon para sa mga kabataan sa ikalawang distrito ng Rizal. Pinamagatan nila itong "Children's Marathon 2011" na may temang "Kabataan: Lakas at Kalusugan, Yaman ng Bayan". Ginanap ito noong nakaraang Enero 29, 2011. Nagsimula ang pagpaparehistro bandang alas 5:00 ng umaga na may humigit kumulang 3, 000 mga kabataan ang masayang nakilahok na nagmula sa may humigit kumulang na labing walong (18) paaralang nakipagpartisipasyon.

Ayon kay Gng. Arlene S. Smidstra, inorganisa nila ang palarong ito na may layuning: una) itaguyod ang pagsasagawa ng mga palarong makabubuti sa kalusugan dala narin ng dahilang ang (WHO) World Health Organization ay nagpahayag na ang ating bansa ay isa sa mga bansang mayroong mataas na porsiyento ng iba't-ibang klase ng sakit at ilan dito ay mga sakit tulad ng diabetes, heart failure, cancer atbp. At ang isport ang isa sa nakakatulong ng malaki upang malabanan ang mga karamdamang ito dahil sa pagkakaroon ng maayos na kalusugan. Ikalawa) Upang ang mga kabataang inaalagaan nila sa Bahay Aurora, Isang institusyon na nangangalaga sa ilang kabataang walang mga magulang o ulila na, na nakakaranas ng lantarang diskriminasyon sa ibang mga bata ay mabigyang pagkakataong maipakita ang kanilang galing at magkaroon ng magandang samahan sa iba pang bata mahiran man o mayaman dahil naniniwala sila na




ang lahat ng tao ay may karapatang mabuhay ng pantay-pantay ampon ka man o hindi. Ikatlo) Ang pagtakbo ay isang masayang uri ng palaro na hindi kina-kailangang magbayad ng mga malalaking pasilidad at kagamitan upang ma-i-organisa ito, na ang kailangan lamang ng mga kalahok ay magkaroon ng isang paris na rubber shoes.

Ang palarong ito ay binuksan sa mga kabataang edad sampu (10) hanggang labing pito (17) na nagmula sa iba't-ibang eskwelahan sa bayan ng Antipolo, Baras, Cardona, Morong, Montalban, Pililla at Tanay. Ang pagoorganisa ng palarong ito ay inabot ng 6 na buwan magmula sa pag-iimbita sa halos lahat ng mga eskwelahan at sponsor na kung saan ay hindi rin naman naging madali. Ang ilan sa mga eskwelahang masayang nakilahok ay ang Morong National High School na may pinakamaraming kalahok na bata, Quisao National High School, pangalawa sa pinakamaraming kalahok, Baras National High School, ikatlo sa pinakamaraming kalahok, St. Jerome Academy, Lagundi Elem. at National High School, URS Morong, Morong Elem. School, Baras Elem. School, Santiago Elem. School, Lanang Elem. School, CCL National High School, Marciana P. Catolos National High School, Maybancal Elem. School, Patricio Jarin Elem. School, Pulang Kunang Elem. School, Renaissance School of Science And Technology, St. Joseph Parish School, Ramon Tantiangco Memorial School, Timoteo Reyes, Memorial Elem. School, Papaya School from Montalban at Bombongan School. Gayunpaman ang lahat ng mga sumali at nakilahok sa palarong ito ay nakalista na sa kanilang talaan kung kaya't mayroon din namang eksaktong bilang subalit may mga kalahok din naman na dumating upang sumali, gayundin ay may ilang mga matatanda.



Makikita ang saya na nakaguhit sa mga ngiti ng mga kabataang nagsipagtakbo sa palaro. Natalo man ang ilan ay masigla paring hinarap ang mga nakatunggali.

Ang mga nagwagi sa palarong ito ay sina:

**Bahay aurora marathon 2011**

*sundan sa pahina 8.......*

List of winners for boys division:

**10-11 yrs. Old**

1st Jerome Elustrisimo (Santiago Elementary School)
2nd Emmanuel s. neri (callero-lanang elementary school)
3rd Zain ali ahmed (bahay aurora/Lagundi elementary school)



Ang pagsisimula ng pagtakbo ng mga nasa boys division, 12-17 age category.

**12-13 yrs. Old**

1st Joshua ricaflanca (antipolo city)
2nd Carlo cainlang (antipolo city)
3rd Robin g. sagun (antipolo city)

**14-15 yrs. Old**

1st Eldon paul c. morcozo (quisao National High school)
2nd John ryan ocampo (baras national high school)
3rd Raniel dr. san jose (lagundi ccl annex high school)

**16-17 yrs. Old**

1st Marvin viernes (bahay aurora/morong national high school)
2nd John paul pamay (quisao national high school)
3rd Christian aram dela cruz (LagUndi ccl annex high school)

List of winners for girls division

**10-11 yrs. Old**

1st Marites ayson (bahay aurora/les)
2nd Maricel ayson (bahay aurora/les)
3rd Joy ann delavin (bahay aurora)

**12-13 yrs. Old**

1st Geraldine abaÑo (bahay aurora/les)
2nd Jessa mae paghunasan (bahay aurora/les)
3rd Jenalyn Garcia (Santiago elementary school)

**14-15 yrs. Old**

1st Mercedes balala (bahay aurora/lccl annex high school)
2nd Angelica caranguian (quisao national high school)
3rd Jennylyn banson (lccl annex high school)

**16-17 yrs. Old**

1st Marilou david (bahay aurora/morong national high school)
2nd Ma. Cherrylyn bamboo (marciana p. catolos mem. Nat'l high school)
3rd Ella betarmos (morong national high school)

Ang mga napanalunan naman ng mga nagwagi ay ang mga sumusunod:

Boys age category:
10-11 first prize….. 1 cavan of rice, Trophy, and medal
Second prize half cavan of rice, Trophy, and medal
Third Prize 12 ½ kilo rice, trophy, and medal
Girls 10- 11 kaparehong premyo



Si Gng. Smidstra at ang mga staff ng Bahay Aurora habang inaayos ang mga tropeo ipamimigay sa mga mananalo.



Mula sa kaliwa, Ang pakikipanayam ni DLT sa isa sa mga sponsor ng Fun Run, Si G. Herke Smidstra habang binibigyan ng instruction ang mga bata at si Hepe Aquino ng Baras Police Station habang sinisiguro ang kaligtasan ng mg kalahok sa Fun Run.

Boys 12- 13 kaparehong premyo
Boys 14- 15 kaparehong premyo
Boys 16- 17 kaparehong premyo
Girls, kaparehong premyo. 8 First prize, 8 Second Prize, at 8 Third Prize, lahat-lahat ay may kabuuang 24 na mga papremyo ang ipinamigay.


Mula sa kaibuturan ng puso nina G. at Gng. Smidstra: We would like to thank, KLM Royal Dutch Airline staff Road Runner group who specially came that day to the Philippines to help organizing this event, together with Wings of Support to be here specially for this Marathon event,( they sponsored the number and pins) the ING Bank who sponsored all the orange uniform and most of the running clothes of the participants, Nestle Milo, Save More Tanay, Morong Center Point ( Lucky 7 ) Miss Cynthia of BDO Taytay, Paraan Clinic of Antipolo, Tropical Hut of Morong, Alex and Jenny Alamaris, Mr. Sibing Ramos of Paseo,Rizal, Mayor Willie Robles, Mayor Lito Tanjuatco, BM John Rey San Juan, Mayor Jojo Buenaventura, Morong Tire and Battery Services, Camillus, Special thank also to all the staff of Bahay Aurora, Queen Mary hospital Doctor and Nurses, Principals, Sport coordinators, teachers and all the board members of Bahay Aurora for their tremendous support during the event.




Sa kaliwa, Si Jon Mon Santiago na sumuporta sa naganap na palaro, Kanan, ang matagumpay na pagsapit ng mga batang nauna sa Finish Line sa Tanay Rizal.



Mula sa kaliwa, Ang mga sumuporta sa Marathon,Si G. Herke at Gng. Arlene Smidstra, ang isa pa sa mga supporter at si ang Publisher ng Hagupit, G. Daniel L. Tingzon.



Ang pagsisimula ng Boys Division 10-11 yrs. old age category.



Ang masayang pagsisimula ng Girls Division.